TEN
PERFECT LAW
PERFECT LOVE

FILIPINO **WEEK 10**

# Huwag Maghangad ng Hindi mo Pag-aari

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na bibilhin mo ngayon, kung ang pera mo ay hindi hadlang? Bakit mo ito gustong bilhin?
- Ibahagi ang mga kinaugalian mong gawin tuwing ikaw ay namimili. Hindi mo ba nagugustuhan ang mamili, nagugustuhan mo ba itong gawin, o mayroon ka bang mga mahuhusay na pamamaraan sa pamimili?
- Ano ang isang gawain na nakatutulong sa iyo upang maging magaan ang iyong pakiramdam at maging kontento, gaano man karami ang kailangan mong gawin? Kailan mo ito huling naranasan?

**WORD**

*"Huwag ninyong pagnanasaang maangkin ang bahay ng inyong kapwa, o ang kanyang asawa, mga alipin, mga baka o asno, o alinmang pag-aari niya."* **EXODUS 20:17**

---

Ang pag-iimbot o paghahangad ng hindi sa iyo ay isang matinding kasakiman. Ang ika-sampung utos ay nagbibigay babala laban sa ganitong pagnanasa. Ang ibang mga utos ay pumipigil sa mga kilos gaya ng pagnanakaw o pagpatay, subalit ang ika-sampung utos ay nakatuon sa kalagayan ng ating mga puso at isipan. Ang kasakiman ay bunga ng inggit, na "tulad ng kanser sa buto" o sumisira sa atin mula sa loob (Mga Kawikaan 14:30). Kung hahayaan natin ang kasakiman na manatili sa ating mga puso at isipan, maaari itong magbunga ng pagkagalit at sama ng loob sa mga tao na nagmamay-ari ng mga bagay na gusto nating maging atin, sa halip na umasa tayo sa Diyos para sa lahat ng bagay na kailangan at hinahangad natin. Sa araling ito, ating aaralin ang ibig sabihin ng pag-iimbot at kung paano natin ito mapagtatagumpayan, sa pamamagitan ng kakayahan ng Diyos.

## 1 Ang kasakiman ay pagsamba sa diyos-diyosan.

*Tandaan ninyo: Walang taong mahalay, malaswa ang pamumuhay, at sakim ang mapapabilang sa kaharian ni Cristo at ng Diyos. Sapagkat ang kasakiman ay tulad din ng pagsamba sa mga diyos-diyosan.*
**MGA TAGA-EFESO 5:5**

Ang kasakiman ay humahadlang sa pagtuon natin ng ating pansin sa Diyos. Inutusan ng Diyos ang mga Israelita na huwag maghangad at magtuon ng kanilang mga puso sa ari-arian ng mga taong nakapalibot sa kanila. Ang kanilang mga puso ay dapat na nakatuon lamang sa Diyos (Exodus 20:2,3). Siya lamang ang tanging makapagbibigay ng lahat ng kanilang mga inaasam. Ano ang taong sumasamba sa diyos-diyosan? Paano humahantong sa pagsamba sa diyos-diyosan ang paghahangad ng mga ari-arian?

## 2 Ang kasakiman ay maaaring mapagtagumpayan sa pamamagitan ni Cristo.

*[5]Iwasan ninyo ang pagiging sakim sa salapi. Maging kontento kayo sa anumang nasa inyo, sapagkat sinabi ng Diyos, "Hinding-hindi ko kayo iiwan o pababayaan man." [6]Kaya buong pagtitiwalang masasabi natin, "Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, kaya hindi ako matatakot. Ano ang magagawa ng tao laban sa akin?"* **MGA HEBREO 13:5,6**

Ang sakripisyo ni Jesus sa krus ay nagbibigay sa atin ng kasiguruhan na Siya ay nagnanais at may kakayahan na tugunan ang lahat ng ating mga pangangailangan. Ang ating pag-asa at ay wala sa pera o anumang bagay na ating hinahangad, kundi na kay Jesus na nagbigay ng Kanyang buhay para sa atin. Maaari nating mapagtagumpayan ang kasakiman dahil alam natin na tanging ang Diyos lamang ang makapagbibigay kasiyahan sa atin. Ang Kanyang kakayahan ang makatutulong sa atin na pagtagumpayan ang kasalanan. Ayon sa Mga Hebreo 13:6 bakit natin masasabi nang buong pagtitiwala na ang Diyos ang tumutulong sa atin?

## 3 Ang pagiging kontento ay panlaban sa kasakiman.

*[11]Hindi ko sinasabi ito dahil nanghihingi ako ng tulong sa inyo. Sapagkat natutunan kong maging kontento anuman ang kalagayan ko. [12]Marunong akong mamuhay sa hirap o ginhawa. Natutunan ko na ang lahat ng ito, kaya maging anuman ang kalagayan ko, busog man o gutom, sagana o salat, kontento pa rin ako.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:11,12**

Ang pagiging sakim ay nagpapakita na hindi tayo kontento sa mga ibinigay ng Diyos sa atin. Kung paiiralin ang kasakiman, ilalagay natin ang ating kasiyahan sa mga bagay na wala tayo, lagi tayong maghahangad ng iba pa, at hindi tayo tuluyang masisiyahan. Ibang-iba ito sa pagiging kontento ni Apostol Pablo anuman ang sitwasyon. Buo ang kanyang loob na kay Jesus, taglay na niya anuman ang kailanganin niya. Ayon sa Mga Taga-Filipos 4:11, ano ang natutunang gawin ni Pablo sa lahat ng sitwasyon na kanyang kinaharap? Maaari rin ba itong maging totoo sa ating mga sitwasyon? Bakit?

## APPLICATION

- May mga bagay ba sa buhay mo na humahadlang sa pagtutuon mo ng pansin sa Diyos at naging diyos-diyosan sa iyong buhay? Aminin ito sa Diyos at humingi ng Kanyang kapatawaran. Ano ang sisimulan mong gawin gamit ang ibang pamamaraan simula ngayong linggo? Paano ka magiging kontento sa Diyos araw-araw?

- Naniniwala ka ba na kay Cristo, nasa iyo na ang lahat ng bagay na kakailanganin mo? Ngayon alam mo na si Jesus ang tanging pinagmumulan ng pag-asa at seguridad, ano ang dapat mong baguhin sa paraan mo ng pag-iisip o pamumuhay simula ngayong linggo?

- Ngayong linggo, ibahagi sa kaibigan o kapamilya ang mga naisip ni Pablo tungkol sa pagiging kontento. Ano ang sasabihin mo sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtulong sa 'yo. Pasalamatan siya sa hindi niya pagpapabaya o pag-iwan sa iyo.

- Ipanalangin na ang pag-iisip at mga kagustuhan mo ay patuloy na aayon sa mga kagustuhan ng Diyos habang patuloy kang lumalapit sa Kanya. Hingin sa Diyos ang kakayahan na maging malaya sa kasakiman, at nang maituon mo ang iyong puso sa Kanya lamang.

- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pagkakaunawa sa pagiging kontento sa lahat ng sitwasyon. Ipanalangin na ang buhay mo ay magsisilbing halimbawa ng pagiging kontento, magpapakita ng kakayahan ng Diyos, at magdadala ng kapayapaan sa iba.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph